American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-08, Issue-04, pp-101-113
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAKIKIPAGTALASTASAN SA SOCIAL MEDIA, SOSYOLINGGUWISTIKONG KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA NG MGA MAG-AARAL

Glydel P. Aumentado[1], Sierra Marie S. Aycardo PhD[2]
[1](JHS Department, Tongohin National High School, Infanta, Quezon, Philippines)
[2](College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-Santa Cruz Campus, Philippines)

**ABSTRACT:** Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang epekto ng Social Media sa Sosyolingguwistikong kakayahan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pampagkatuto mula sa mga paaralan sa ikawalong baitang sa Distrito ng Infanta, Panuruang Taon 2023-2024. Ang nagsilbing tagatugon ng pananaliksik na ito ay nagmula sa ikawalong baitang sa apat na paaralan sa Distrito ng Infanta, na may dalawang daang (200) bilang. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito aymasuri ang pakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng Ramdom Sampling Teknik upang makuha ang kailangang datos at deskriptibong paraan. Ang Mean, Mean Rank, Standard Deviation, T-test at Cohen`s D ang ginamit na panukat upang makuha ang resulta ng pag-aaral. Sinsabing hindi maaaring sabihing may malakas o makabuluhang ugnayan ang sosyolingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa sa pagsusulit. At ang panghuli, ang makabuluhang kaugnayan ng pakikipagtalastasan sa Social media at Sosyolinguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaralan lumabas na ang kahalagahan ng paggamit ng social media sa pagpapalawak at pagpapahusay ng mga kasanayang sosyolingguwistiko. Sa pamamagitan ng aktibong pakikisangkot sa social media, maaaring mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto, pati na rin ang kanilang kakayahan sa pakikipag-ugnayan at pag-unawa sa iba't ibang kultura at wika.

***KEYWORDS :*** *Pag-unawa, Pagsulat, Pakikipagtalastasan, Social Media, Sosyoslingguswistikong kakayahan,*

## I. PANIMULA

Sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino, lubos na nagiging kritikal ang papel ng Internet. Sa tulong ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, naging mas madali para sa atin ang pag-access sa impormasyon at makipag-ugnayan sa iba.Sa teoryang sosyolinggwistiks pinaniniwalaan na ang wika ay hindi isang simpleng komunikasyon na ginagamit ng indibidwal ayon sa isang sistema ng mga alituntunin kundiisang kolektibong pwersa, isang pagsasama-samang mga anyo sa isang magkaibang kultural at sosyal na mga gawain at grupo (Alcaraz et. al, 2016).

Ang social media ay nagdudulot ng ilang suliranin sa sosyolingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral. Una, maaaring makaapekto ito sa kanilang paraan ng pagsulat at paggamit ng wika dahil sa pagiging mas "casual" at "text-speak" ng ilang komunikasyon sa online. Ito'y maaaring magdulot ng pagbabago sa tamang paggamit ng grammar at pagbuo ng mga kumpletong pangungusap. Pangalawa, ang social media ay maaaring magkaroon ng impluwensya sa pag-unlad ng kanilang bokabularyo. Minsan, mas nauukit ang mga abbreviated o shortened na bersyon ng mga salita at pangungusap na maaring makaapekto sa kanilang pag-unlad ng masusing wika. Ayon kay Constantino (2000), sa aklat ni Santos (2010), ang sosyolinggwistika ay pag-aaral sa ideya ng paggamit ng heteregenous ng wika dahil sa magkakaibang mga indibidwal at grupo na may magkakaibang lugar na tinitirhan, interes, gawain, pinag-aralan, at iba pa. Pinaniniwalaan dito na ang wika ay hindi isang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibidwal ayon sa isang sistemang mga alituntunin kundi isang kolektibong puwersa, isang pagsasama-sama ng mga anyo sa isang nagkakaibang kultural ay sosyal na mga gawain at grupo.

Pinatunayan ni Reyes (2018), sa kanyang akda na may pamagat na Makabagong teknolohiya sa Edukasyon na nailathala sa depedbataan.com publication. Ayon sa mga pagsusuri at obserbasyon, marami sa kabataan ngayon ang may mabababang marka. Maraming mga kadahilanan ngunit ang nangingibabaw ay ang usaping teknolohiya, kung saan nahuhumaling ang karamihan sa kabataan. Dahil sa nagaganap na modernisasyon sa ating mundo, animo’y naging bulag ang mga mag-aaral sa maaaring dulot o epekto nito sa kanilang pag-aaral at pati na rin sa pag-uugali. Sa harap ng ganitong mga sitwasyon, mahalaga ring pagtuunan

ng pansin ang kakayahan ng tao na magamit ang wika sa paraang komunikatibo at pagsulat ng ibang uri ng akdang pampanitikan. Ito ang kakayahan ng tao na magamit ang wika ayon sa pangangailangan nang wasto at angkop sa isang tiyak na gawain. Sa pagpasok ng makabagong teknolohiya at midya nagkakaroon ng pagbabago sa gamit ng salita sa pagsusulat at pasasalita. Ilan nga sa mga naging obserbasyon ng mga guro sa Filipino ang mga nauusong salita. Ang baybay ay hindi na naiiwasan ng ilang mga mag-aaral na magaya, tanggapin at gamitin (Gajo, 2022).

## II. LAYUNIN

Nilayong malaman sa pag-aaral na ito ang: (1) ang level ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa; impormasyon, aspirasyon, aksisabiliti, media platform at dalas ng paggamit. (2) sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pagsulat, bokabularyo at pagbabaybay. (3) antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa iskor ng pagsusulit. (4) makabuluhang kaugnayan ng pakikipagtalastasan sa social media sap ag-unawa ng mga mag-aaral. (5) makabuluhang kaugnayan ng sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pag-unawa ng mga mag-aaral. (6) makabuluhang kaugnayan ng pakikipagtalastasan sa social media at sosyolingguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay deskriptibong paraan. Ang palarawang pananaliksik (Descriptive Method) ay mga kaganapan sa pag-aaral na ginagamitan ng palarawang pananaliksik ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan. Ayon kay Bernales (2012), Pinag-aaralan sa mga palarawang pananaliksik ang pangkasalukuyang ginagawa, pamantayan, at kalagayan. Nagbibigay ito ng tugon sa mga tanong na sino, ano, kailan, at paano na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral. Ito ay binubuo ng obserbasyon, pagsasagawa ng sarbey, at standardized tests.

Inilahad din sa pag-aaral ni Lozano (2021), sa madaling salita, ang mga deskriptibong pag-aaral ay ginagamit upang ilarawan ang iba't ibang aspeto ng phenomenon. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang pakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolingg uwistikong kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw sa pakikipagtalastasan sa Social media, Sosyolingguwistikong kakayahan at Pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa isinagawang pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gagamit ng tinatawag na “Random Sampling”. Nabanggit ni Etikan et al. (2016), ito ay ang pagpili ng mga respondante na tutugon at makatutulong sa isang pananaliksik dahil sa mga katangiang dulot ng mga ito.

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay ang nilikhang talatanungan tseklist, Test at rubricks. Ang ginawang talatanungan ng mananaliksik ay ginamit bilang instumento sa pagkalap ng datos.

Ang talatanungan ay may dalawang na bahagi (2). Una ang Paggamit ng Sosyal Midya batay sa impormasyon, aspirasyon, Media Platform, Asesabiliti. Pangalawa ay ang Kaalaman sa Sosyolinguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral batay sa pasalita, pasulat, pagbaybay at bokabolaryo.

Isinaalang-alang at binigyang-pansin ng mananaliksik ang mga naging puna ng mga balideytors sa ginawang talatanungan. Mula sa eksperto sa pananaliksik, tiningnan at sinuri ang *face validity* nito. Ipinaaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pamimilian sa bawat katanungan. Angmga dalubguro naman at sinuri st itinama ang ilang kamalian sa nakita sa talatanungan upang mapaunlad nito ang kaalaman at perpormans ng mga mag-aaral. Ang mga salitang ginamit sa talatanungan ay maayos na pinili at inihanay upang maunawaan ng mga tagasagot at makaiwas sa kalituhan.

Ang bigat ng karampatang puntos sa kasagutan ay ang mga sumusunod na palatandaan.

| **Sukatan** | **Saklaw** | **Berbal na interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4 | 4.41-4.20 | Sumasang-ayon |
| 3 | 2.61-3.40 | Hindi makapagdesisyon |
| 2 | 1.81-2.60 | Di- sumasang-ayon |
| 1 | 1.00-1.80 | Lubos na di- sumasang-ayon |

Pagtutuunan din ng pansin ng mananaliksik ang ilang mga post sa social media ng mga mag-aaral, aanalisahin ito upang makuha ang nararapat na datos ng mananaliksik. Bumuo rin ng pagsususlit ang mananaliksik upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagganap. May kalakip din na rubriks na ginawa ang guro upang mataya ang kanilang pagganap. Makikita sa ibaba ang ginwang rubricks ng mananaliksik:

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Maayos na paglalahad ng Nilalaman | 4 |
| Wastong pagsulat ng baybay ng mga salita | 3 |
| Angkop na paggamit ng mga salita | 3 |
| Kabuoan | 10 |

Ang mananaliksik ay may mga hakbang na isinagawa upang makalap ang mga kinakailangang datos sa pag-aaral. Mula sa pag-oobserba sa pangangailangan ng mga mag-aaral, pagkilatis sa Most Essential Learning Competencies sa Filipino at sa pagbabasa ng mga aklat sa pangangalap ng datos upang maging kapaki-pakinabang at upang maging matagumpay ang pag-aaral. Mula sa pagbabasa ng aklat, pahayagan at iba't ibang artikulo na may kaugnayan sa paksa. Gumawa rin ng isang obserbasyon ang guro sa kanyang mag-aaral upang makita ang suliranin at maaaring mabigyang pokus sa pag-aaral. Mula sa pamagat ng pag-aaral na binigyang gabay ng gurong tagapayo na naging malinaw ang gagawin ng mananaliksik. Gumawa ng isang checklist na may kaugnayan sa baryabol nailahad at ito ay binuo sa dalawang bahagi. Una ang Paggamit ng Social Media batay sa impormasyon, aspirasyon, Media Platform, Asesabiliti. Pangalawa ay ang Kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral batay sa pasalita, pasulat, pagbaybay at bokabolaryo. Gumawa rin ng pagsusulit ang mananaliksik patungkol sa pag-unawa ng mga pag-aaral. Matapos makagawa ng cheklist at pagsusulit ay ipina-validate naman ito sa guro sa Filipino upang masuri kung tama ang mga pahayag na nailagay sa bawat baryabol at ang pagkakagawa ng pagsusulit.

At kung maayos na ang mga instrumento at nasuri ng mga guro sa Filipino maggagawa na ng isang sulat ang mananaliksik para sa kanyang Superyor at Punongguro ng paaralan. At kapag ito ay nalagdaan at nabigyang pahintulot na ay maari nang isagawa ang pag-aaral. Ipapamahagi ang mga checklist at sasagutan ang pagsusulit ng mga mag-aaral bibigyan sila ng panahon upang masugatan ito. Kung tapos na, kokolektahin na ng mananaliksik ang mga datos sa mga tagatugon. Pagkatapos ito ay bibigyang interpretasyong istadistika at ilalahahad ang natuklasan sa pag-aaral

Upang mabigyan ng malinaw na pagsusuri, interpretasyon at pagtataya ang mga nakalap na datos at matukoy ang resulta ng pakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolinguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral, ang mananaliksik ay gumamit ang mananaliksik ng Mean at Ranggo upangmatukoy ang resulta ng pakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolinguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral, Mean at Standard Deviation para matukoy ang antas ng pagganap mga mag-aaral sa marka ng pagsusulit na makukuha ng mga mag-aaralPearson R. Ito ang ginamit upang alamin kung may makabuhulang pagpakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolinguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1. Ang lebel ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa Impormasyon**

Mahalaga para sa kanila ang pagiging mapanuri sa mga impormasyon na kanilang natatanggap, pati na rin ang pagsusuri at pagpili ng tamang pinagkukunan ng impormasyon. Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapahiwatig ng isang maingat na proseso ng pagkuha ng impormasyon, kung saan ang kasiyahan at interes sa panonood ng midya ay nasa likod lamang ng pagiging kritikal at mapanuri sa pagpili at pagsusuri ng mga impormasyon.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng mahalagang papel ng kritikal na pag-iisip at kamalayan sa proseso ng pagkuha ng impormasyon mula sa Social Media. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa masusing pagpili at pagsusuri ng mga pinagkukunan ng impormasyon upang matiyak ang kalidad at kredibilidad nito. Bukod dito, ang pagdudulot ng kasiyahan at interes sa panonood ng midya ay mahalaga lamang sa konteksto ng pagiging kritikal at mapanuri sa paggamit ng impormasyon.

Ibinahagi naman nina Bellinger et.al, (2014), ang impormasyon ay ang isang datos na pinoproseso upang maging kapaki-pakinabang; nagbibigay ng mga sagot sa mga tanong na "sino", "ano", "saan", at "kailan".ang impormasyon ay datos na nabigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng paraan ng koleksyon ng mga datos. Ang kahulugan na ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang, pero hindi sa lahat ng pagkakataon. Sa pagkuha ng impormasyon o datos nararapat na masuri ito ng mabuti lalo na kung saan ito nagmula.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1.Nakaiimpluwensya ang pananood at pagbabasa sa midya sa pagkuha ng impormasyon | 3.86 | Sumasang-ayon | Mataas | 5 |
| 2. Sinusuring mabuti ang mga impormasyon na kinukuha sa midya | 4.045 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| 3.Nalilinang ang kakayahan sa pamamagitan ng pagbabasa sa pagkuha ng impormasyon | 3.9 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4.Hindi basta-basta kumukuha ng impormasyon sa midya at sinusuring mabuti ang site na pinagkukuhanan | 3.95 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |
| 5.Naibibigay ang kasiyahan at interes sa panananood ng midya | 3.925 | Sumasang-ayon | Mataas-taas | 3 |
| **Average Weighted Mean** | **3.936** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayan 2. Level ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa Aksesibiliti**

Ang talahayanang 2 ay nagpapakita ng level ang lebel ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa aksesibiliti upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag. *Nakatutulong sa pagkuha ng iba't ibang impormasyon* (Weighted Mean:=4.025). Nagpapahiwatig ng kahalagahan ng midya sa pagbibigay ng malawak na saklaw ng impormasyon sa mga gumagamit nito. *Mas mabilis ang pagkuha ng impormasyon sa paggamit ng midya* (Weighted Mean: = 3.98,) Nagpapakita ng kahusayan ng midya sa paghahatid ng impormasyon sa mabilis na paraan, na nagpapalakas sa proseso ng pag-aaral at pagtuklas ng mga bagong kaalaman. *Nalalaman agad ang mga bagong impormasyon* (Weighted Mean =3.88). Ipinapakita ang kakayahan ng midya na magbigay ng mga update at mga bagong impormasyon sa mga tao nang mabilis at maaasahan. *Mas madali ang paggamit ng midya sa pagkuha ng impormasyon at pagkonekta* (Weighted Mean= 3.855). Nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagiging user-friendly ng mga platform ng midya sa pagpapadali sa proseso ng pag-access at pagkonekta sa impormasyon. *Nakakukuha ng maraming sanggunian sa pagkuha ng impormasyon (*Weighted Mean=3.72). Kahit na nasa huling ranggo, nagpapahayag ito ng pangangailangan na masiguro ang pagiging may sapat na bilang ng mga mapagkukunan upang matiyak ang kumpletong at balanseng impormasyon.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita ng kahusayan ng midya sa paghahatid ng impormasyon sa mabilis, maaasahan, at may iba't ibang uri ng impormasyon. Subalit, mahalaga pa rin na maging mapanuri ang mga indibidwal sa paggamit ng midya upang matiyak na ang kanilang natatanggap na impormasyon ay wasto at may kalidad.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng Social Media bilang isang mapagkukunan ng impormasyon sa mga mag-aaral. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan na magkaroon ng masusing edukasyon at pagtutok sa paggamit ng online na platform upang mapanatili ang kalidad at kredibilidad ng impormasyon na kanilang natatanggap.

Mula sa Interaction Design Foundation (2018), ang aksesabiliti ay isang konsepto kung ang isang produkto o serbisyo ay magagamit ng lahat kahit anong mangyari. Pagkakaroon ng maayos koneksyon ay upang tulungan ang mga taong, ngunit dapat na alamin ng mga tagagawa na tanggapin ang lahat ng potensyal na user sa maraming konteksto ng paggamit. Ang pagbuo ng maayos na plano ay ang pakinabang ng lahat. Ang Semantic HTML, na nagpapabuti ang madaling paggamit, at nagpapahusay din ng SEO, na ginagawang mas mahahanap ang iyong site.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1.Mas mabilis ang pagkuha ng impormasyo sa paggamit ng midya | 3.98 | Sumasang-ayon | Mataass | 2 |
| 2.Nakatutulong sa pagkuha ng iba't ibang impormasyon | 4.025 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| 3.Nakakukuha ng maraming sanggunian sa pagkuha ng impormasyon | 3.72 | Sumasang-ayon | Mataas | 5 |
| 4.Nalalaman agad ang mga bagong impormayon | 3.88 | Sumasang-ayon | Mataas | 3 |
| 5.Mas madali ang paggamit ng midya sa pakuha ng impormasyon at pagkonekta | 3.855 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |
| **Average Weighted Mean** | **3.892** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayan 3. Level ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa Aspirasyon**

Ang talahayanang 3 ay nagpapakita ng level ang lebel ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa aspirasyon upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag na *Nalilinang ang aking talento, at kumpiyansa sa sarili kapag ginagamit ang sosyal midya* (Weighted Mean = 3.575,): Ipinapakita nito na ang paggamit ng sosyal midya ay may positibong epekto sa pagpapalakas ng talento at kumpiyansa sa sarili ng mga tao. *Madalas na nakakahikayat ang mga pananalita, kilos at galaw ng mga napapanood at paggamit ng midya* (Weighted Mean= 3.535,). Nagpapahiwatig ito na ang mga mensahe at pag-uugali na nakikita sa midya ay maaaring magkaroon ng malaking impluwensya sa mga tao.*Nakapagpapataas ng tiwala sa sarili ang paggamit ng midya* (Weighted Mean= 3.33,). Bagamat ito ay nasa ranggong ikalima, ipinapahiwatig nito na hindi gaanong malakas ang epekto ng sosyal midya sa pagpapataas ng tiwala sa sarili. *Nakakaepekto sa akin ang mga negatibo at positibong mga post ng aking mga kaibigan sa midya* (Weighted Mean = 3.54,). Ipinapakita nito na ang mga post ng mga kaibigan sa sosyal midya ay maaaring magdulot ng epekto sa damdamin at saloobin ng isang tao.*Nakatutulong ang sosyal midya sa pagsagot ng mga aralin* (Weighted Mean = : 3.855,) Nagpapakita ito ng potensyal ng sosyal midya bilang isang mapagkukunan ng impormasyon at suporta sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng mga magkakaibang epekto ng paggamit ng sosyal midya sa indibidwal, mula sa pagpapalakas ng talento at kumpiyansa hanggang sa impluwensya nito sa damdamin at saloobin. Subalit, ang pangkalahatang average na pagsang-ayon ay tumutugon sa positibong papel ng sosyal midya sa buhay ng mga tao.

Ang resulta ay nagpapakita ng pangangailangan para sa responsableng paggamit at mas malawakang edukasyon sa tamang paggamit ng sosyal midya upang mapanatili ang positibong epekto nito sa mga indibidwal.

Mahalaga ring suriin ang pangmatagalang epekto ng sosyal midya sa pag-unlad ng talento at kumpiyansa ng mga tao upang maunawaan ang kabuuang implikasyon nito sa lipunan.

Sa kabilang banda sinabi naman ni Pastoral (2019), ng aspirasyon ay isang mahalagang salik sa paghula ng akademikong pagkamit at maaaring makita bilang isang elemento sa pagganyak sa pagkamit ng akademya, na tumutuon sa pagnanais para sa tagumpay at pagbuo ng mga layuning pang-akademiko upang magtagumpay sa edukasyon, partikular na larangan ng edukasyon o upang makakuha ng isang partikular na degree. Ito ang nagbibigay ng motibasyon upang magpatuloy at matapos ang isang bagay a nais na makamit nagbibigay din ito ng kapakinabangan sa kilos na iyong ginawa.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1.Nalilinang ang aking talento, at kumpiyansa sa sarili kapag ginagamit ang sosyal midya | 3.575 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |
| 2. Madalas na nakakahikayat ang mga pananalita, kilos at galaw ng mga napapanood at paggamit ng midya | 3.535 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |
| 3.Nakapagpapataas ng tiwala sa sarili ang paggmit ng midya | 3.33 | Di-Gasinong Sumasang-ayon | Katamtaman | 5 |
| 4.Nakakaepekto sa akin ang mga negatibo at positibong mga post ng aking mga kaibigan sa midya | 3.54 | Sumasang-ayon | Mataas | 3 |
| 5.Nakatutulong ang sosyal midya sa pagsagot ng mga aralin | 3.855 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| **Average Weighted Mean** | **3.567** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayan 4. Level ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa Media Platform**

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng level ng pakikipagtalastasan sa Social Media ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa Media Platform upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag na *Gumagamit ako ng iba't ibang media platform* (Weighted Mean =3.685,): Nagpapakita ito ng kadalasang paggamit ng iba't ibang uri ng media platform ng respondent upang makakuha ng impormasyon o makipag-ugnayan sa iba. *Aktibo ako sa lahat ng aking social media account gaya ng facebook, twitter at iba pa* (Weighted Mean = 3.565,). Ipinapahiwatig nito na ang respondent ay aktibo sa kaniyang mga social media account at malamang na nagagamit ito bilang isang paraan ng pagpapahayag ng sariling saloobin o pakikilahok sa mga online na diskusyon. *Ginagamit ko ang social media sa pagpapahayag ng saloobin* (Weighted Mean =3.405,). Bagamat ito ay hindi gaanong mataas, ito ay nagpapakita na may ilang bahagi ng respondent na hindi gaanong aktibo o

hindi gaanong gumagamit ng social media para sa pagpapahayag ng kanilang sariling saloobin. *Nakatutulong sa akin ang paggamit ng social media sa pag-comment at pagpost* (Weighted Mean = 3.37). Bagamat ang ilang respondent ay may pagtanggi sa pahayag na ito, nagpapahiwatig ito na may ilang benepisyo pa rin silang nakukuha sa paggamit ng social media para sa pagkokomento at pagpo-post ng kanilang mga opinyon. *Madalas ako nagko-comment sa mga media Platform kapag gusto ko* (Weighted Mean=3.24,) Ito ay nagpapahiwatig na ang ilan sa mga respondent ay hindi madalas mag-comment sa mga media platform, lalo na kung hindi nila talaga ito gustong gawin.

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapahiwatig ng iba't ibang antas ng pakikilahok at paggamit ng mga media platform sa pagpapahayag ng sariling saloobin at pagkonsumo ng impormasyon.

Ang resulta ng pagsusuri sa paggamit ng iba't ibang media platform ay nagpapakita ng malawakang paggamit ng mga tao sa mga online na platform para sa pakikipag-ugnayan, pagkonsumo ng impormasyon, at pagpapahayag ng kanilang saloobin. Bagamat may mga respondent na aktibo at sumasang-ayon sa mga pahayag hinggil dito, mayroon ding ilang hindi gaanong aktibo o hindi gaanong kumokonsulta sa social media para sa pagpapahayag ng kanilang saloobin. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa masusing pag-unawa at kamalayan sa kung paano at kailan tamang gamitin ang mga media platform upang mapanatili ang positibong epekto nito sa buhay ng mga tao at sa lipunan.

| **Mga pahayag** | **Weighted Mean** | **Verbal Intepretation** | **Literal na Paglalarawan** | **Rank** |
|---|---|---|---|---|
| 1.Gumagamit ako ng iba't ibang media platform | 3.685 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| 2.Ginagamit ko ang social media sa pagpapahayag ng saloobin | 3.405 | Di-Gasinong Sumasang-ayon | Mataas-taas | 3 |
| 3. Madalas ako nagko-comment sa mga media Platform kapag gusto ko | 3.24 | Di-Gasinong Sumasang-ayon | Katamtaman | 5 |
| 4. Nakatutulong sa akin ang paggamit ng social media sa pag-comment at pagpost | 3.37 | Di-Gasinong Sumasang-ayon | Katamtaman | 4 |
| 5.Aktibo ako sa lahat ng aking social media account gaya ng facebook, twitter at iba pa. | 3.565 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |
| **Average Weighted Mean** | **3.453** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayang 5 Level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay Pagsulat**

Ang talahanayang 5 ay nagpapakita ng level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay Pagsulat upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag na *"Nakatutulong ang midya sa pagsulat sa pamamagitan ng iba't ibang paraan (tema, paksa, nilalaman at iba pa)"* - may katangian na may pinakamataas na iskor, na may (Weighted Mean= 4.06), na nagpapahiwatig na ang karamihan ng mga respondente ay sumasang-ayon sa pahayag na ito. *"Natutugunan ng midya ang suliranin sa pagsulat"* (Weighted Mean= 3.66) na pumapangalawa sa pagkakasunud-sunod ng kabuuang antas ng kaalaman. *"Nagkatutulong ang midya sa pagtatama ng mali sa pagsulat gaya ng baybay at gramatika"*(Weighted Mean= 3.95) na pumapangatlo sa kabuuang antas ng kaalaman. *"Mas maayos ang aking pagpapahayag ng saloobin sa pagsulat gamit ang midya"*(Weighted Mean= 3.55) na pumapang-apat sa pagkakasunud-sunod ng kabuuang antas ng kaalaman. *"Nakakaepekto ang midya sa paraan ng pagsulat"* - may pinakamababang (Weighted Mean=3.48) na sumasalamin sa pinakamababang antas ng kaalaman sa sosyolingguwistika batay sa mga pahayag na binanggit. Sa kabuuan, ang kabuuang timbang na mean ng mga iskor ay 3.74, na nagpapakita ng kagyat na sumasang-ayon sa antas ng kaalaman ng mga kalahok sa pagsusuri.

Ayon sa resulta ang mga datos ay nagpapakita ng malawak na pag-unawa at pagtanggap sa positibong papel ng midya sa pagsulong ng mga kasanayan sa pagsulat, bagaman mayroong ilang mga agam-agam o pag-aalinlangan sa ilang aspeto nito.

Binanggit pa ni Jocson (2019), Ang unang pananaw sa konsepto sa paglinang ng gawaing pagsulat ay isang tekanikal na kasanayan sapagkat ang pokus nito ay nasa ouput ng pagsulat at sa pagwawasto ng mga kamaliang gramatikal at mekanikal. Katulad ng ibang kasanayan sa komunikasyon ang pagsulat ay output ng iba pang makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita at pagbasa na dumadaan sa processo. Nalalaman dapat

ng isang indibidwal ang tamang proseso ng pagsulat. Ang paggamit ng midya ay isang salik na maaring makapagbigay ng epekto sa pagsusulat.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1.Nakatutulong ang midya sa pagsulat sa pamamagitan ng iba't ibang paraan (tema,paksa, nilalaman at iba pa) | 4.06 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| 2.Nakakaepekto ang midya sa paraan ng pagsulat | 3.48 | Sumasang-ayon | Mataas | 5 |
| 3.Natutugunan ng midya ang suliranin sa pagsulat | 3.66 | Sumasang-ayon | Mataas | 3 |
| 4. Mas maayos ang aking pagpapahayag ng saloobin sa pagsulat gamit ang midya | 3.55 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |
| 5.Nagkatutulong ang midya sa pagtatama ng mali sa pagsulat gaya ng baybay at gramatika | 3.95 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |
| **Average Weighted Mean** | 3.74 | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayang 6 Level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa Bokabularyo**

Ang Talahanayang 6 Level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa Bokabularyo upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag na *Lumalawak ang Bokabularyo sa Paggamit ng Social Media* - Ang mataas na (Weighted Mean=3.815 ) ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga respondente ay sumasang-ayon sa ideya na ang paggamit ng social media ay nagpapalawak ng kanilang bokabularyo. Ito ay isang positibong indikasyon ng potensyal na positibong epekto ng social media sa pag-unlad ng wika ng mga gumagamit nito. *Nakakakuha ng Makabagong Salita sa Social Media* - Ang pinakamataas na (Weighted Mean= 3.9) ay nagpapakita na ang karamihan ay sumasang-ayon na ang social media ay isang mapagkukunan ng mga bagong salita. Ito ay maaaring maging sanhi ng pagpapayaman at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga indibidwal. *Impluwensya ng Social Media sa Paggamit ng Bokabularyo* - Bagaman hindi ito nasa pinakamataas na ranggo, ang (Weighted Mean= 3.575) ay nagpapahiwatig na ang karamihan ay sumasang-ayon na ang social media ay may impluwensya sa paraan ng paggamit ng bokabularyo. Ito ay maaaring magpahiwatig ng sensitibong pananaw hinggil sa kung paano nakakaapekto ang social media sa pag-unlad ng wika. *Kalituhan sa Pagsasalita sa Paggamit ng Social Media* - Bagamat may sumasang-ayon, ang (Weighted Mean= 3.505) ay nagpapahiwatig ng ilang kalituhan o kawalan ng katiyakan sa paggamit ng social media sa pagsasalita. Ito ay maaaring magpapakita ng pag-aalala sa mga potensyal na negatibong epekto ng social media sa wastong paggamit ng wika. *Impluwensiya ng Media sa Pagkatuto ng Wika* - Ang (Weighted Mean= 3.755) ay nagpapakita na ang karamihan ay sumasang-ayon na may malaking impluwensiya ang media sa kanilang pagkatuto ng wika. Ito ay nagpapahiwatig ng pangkalahatang sensibilidad sa mga impluwensya ng media sa wika at komunikasyon.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita ng kagyat na pagtanggap sa positibong aspeto ng social media sa pagpapalawak ng bokabularyo, ngunit mayroon ding pag-aalala at pag-aalinlangan sa potensyal na negatibong epekto nito sa wastong paggamit ng wika. Ang pagkakaroon ng malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga impluwensya ng social media sa wika ay mahalaga sa pagpaplano ng mga tamang hakbang para sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan sa wika.

Mula sa mga simpleng salita maaaring mapaunlad ng mag-aaral ang kanyang pananalita. Ang bokabularyo ay bunga ng maraming iba't ibang bagay. Ang mga pagbabago sa lipunan o sa kapaligiran ay humuhubog sa pananaw ng mga tao na naghahatid ng mga bagong karanasan at nagbubunga ito ng mga bagong salita. Mahalaga ang maraming alam pagdating sa talasalitaan upang mabigyan ng maayos na interpretasyon ang mga naririnig o nababasa. Binanggit ni Tapang (2018) sa kanyang artikulo na ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan ay makatutulong sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao at pagtatamo ng malawak na kaalaman.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Ran k |
|---|---|---|---|---|
| 1.Lumalawak ang aking bokabularyo sa paggamit ng social media | 3.815 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |
| 2.Nakakaimpluwensya ang social media sa paggamit ng bokabularyo | 3.575 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3.Mas nakakakuha ako ng makabagong salita sa social media | 3.9 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| 4. Nagkakaroon ng kalituhan sa pagsasalita sa paggamit ng social media | 3.505 | Sumasang-ayon | Mataas | 5 |
| 5.Malaki ang impluwensiya ng media sa pagkatuto ko ng salita | 3.755 | Sumasang-ayon | Mataas | 3 |
| **Average Weighted Mean** | **3.71** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahanayang 7. Level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pagbabaybay**

Ang talahayang 7 ay nagpapakita ng level ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pagbabaybay upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng weighted mean at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa lahat ng pahayag na *Epekto ng Social Media sa Pagbabaybay* ang (Weighted Mean= 3.635) ay nagpapakita ng kabuuang pagtanggap na may epekto ang social media sa pagbabaybay. Bagamat hindi ito nangunguna, ito ay nagpapakita ng pagtanggap sa potensyal na impluwensya ng social media sa wastong paggamit ng wika at pagbabaybay. *Pagsasaalang-alang sa Suliranin sa Pagbabaybay sa Wikang Filipino Gamit ang Midya* ang pangalawang pinakamataas na (Weighted Mean=3.76) ay nagpapahiwatig na ang karamihan ay sumasang-ayon na ang midya ay maaaring maging kasangkapan sa pagtugon sa mga suliranin sa pagbabaybay sa wikang Filipino. Ito ay nagpapakita ng potensyal na pakinabang ng teknolohiya sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbabaybay. *Tulong ng Social Media sa Pagkatuto ng Pagbabaybay* ang (Weighted Mean= 3.75) ay nagpapakita ng mataas na suporta sa ideya na ang social media ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbabaybay. Ito ay nagpapahiwatig ng positibong impluwensya ng social media sa pagkatuto ng wika, partikular sa larangan ng pagbabaybay. *Impluwensiya ng Pagbasa sa Social Media sa Kaalaman sa Pagbabaybay* bagamat hindi ito nasa pinakamataas na ranggo, ang (Weighted Mean= 3.72) ay nagpapahiwatig na ang marami ay sumasang-ayon na ang pagbasa sa social media ay maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kaalaman sa pagbabaybay. Ito ay nagpapakita ng potensyal na epekto ng pagkonsumo ng nilalaman sa social media sa mga kasanayan sa pagbabaybay. *Pagkatuto ng Tamang Pagbabaybay sa Pamamagitan ng Social Media* ang pinakamataas na (Weighted Mean= 3.77) ay nagpapakita ng kagyat na suporta sa ideya na ang social media ay maaaring maging kasangkapan sa pag-aaral ng tamang pagbabaybay. Ito ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng social media sa pag-unlad ng mga kasanayan sa wika. Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita ng pagtanggap at suporta sa ideya na ang social media ay may potensyal na magkaroon ng positibong impluwensya sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbabaybay. Gayunpaman, mahalaga pa rin ang patuloy na pagsusuri at paggamit ng mga tamang pamamaraan upang mapanatili ang pagiging epektibo ng social media bilang isang kasangkapan sa edukasyon at pagpapaunlad ng wika.

Batay sa pagsusuri sa antas ng kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pagbabaybay, natuklasan na ang social media ay may positibong impluwensya sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbabaybay. Nakikita ang potensyal ng social media bilang kasangkapan sa pagtugon sa mga suliranin sa pagbabaybay sa wikang Filipino at sa pagpapaunlad ng tamang pagbabaybay. Gayundin, napatunayan na ang paggamit ng social media ay maaaring magdulot ng pag-aaral ng mga bagong salita at tamang pagbabaybay. Subalit, mayroon ding pag-aalala sa impluwensya ng social media sa wastong paggamit ng wika at kaalaman sa pagbabaybay, kaya't mahalaga ang patuloy na pagsusuri at pagpapahalaga sa wastong paggamit ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon.

Ipinaliwanag naman ni Nordquist (2019), ang pagbabaybay ay hindi isang batayan ng katalinuhan. Maraming matatalinong tao ang nahihirapan sa pagbaybay habang ang iba ay naman ay medyo madaling makabisado. Ang pag-aaral sa pagbaybay nang tama ay nangangailangan ng pag-alala ng iba't ibang anyo ng pagbabaybay. Ang ilang mga tao ay mas mahusay sa ganitong paraan ng pag-aaral ng pag-uulat kaysa sa ibang kaalaman. Ang pag-unawa sa mga pinagmulan ng mga salitang ito at ang mga wikang pinanggalingan ay makakatulong sa pagbabaybay.

| Mga pahayag | Weighted Mean | Verbal Intepretation | Literal na Paglalarawan | Rank |
|---|---|---|---|---|
| 1.Nakakaepekto ang social media sa aking pagbabaybay | 3.635 | Sumasang-ayon | Mataas | 5 |
| 2.Natutugunan ang aking suliranin sa pagbabaybay sa wikang Filipino sa paggamit ng midya | 3.76 | Sumasang-ayon | Mataas | 2 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3.Nakatutulong ang social media sa pagkatuto ng pagbabaybay | 3.75 | Sumasang-ayon | Mataas | 3 |
| 4. Nakakaimpluwensiya sa aking kaalaman sa pagbabaybay ang pagbasa sa social media | 3.72 | Sumasang-ayon | Mataas | 4 |
| 5.Sa paggamit ng social media natutuhan ko ang tamang pagbabaybay | 3.77 | Sumasang-ayon | Mataas | 1 |
| **Average Weighted Mean** | **3.727** | **Sumasang-ayon** | **Mataas** | |

**Talahayan 8. Antas pag-unawa ng mga mag-aaral sa iskor ng pagsusulit**

Ang talahayang 8 ay nagpapakita ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa iskor sa pagsusulit. Ang mga markang ibinigay sa mga mag-aaral sa pagsusulit ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng pag-unawa at tagumpay. Batay sa datos, ang pinakamataas na marka na 10 ay nakamit ng 32.00% ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig ng kanilang natatanging kakayahan at kahusayan sa pagsusulit. Sumunod dito, ang markang 9 ay nakamit ng 20.50% ng mga mag-aaral, na nagpapakita rin ng kanilang lubos na kasiya-siyang pag-unawa sa mga tanong ng pagsusulit. Gayundin, ang markang 8 ay nakuha ng 20.00% ng mga mag-aaral, na nagpapakita rin ng kanilang kahandaan at kasiya-siyaang kakayahan sa pagsusulit. Sa kabilang dako, mayroong mga mag-aaral na nakakuha ng mas mababang marka tulad ng 7, 6, at 5, na nagpapakita ng kanilang karaniwang antas ng pag-unawa at kakayahan. Mayroon ding ilang mag-aaral na hindi nakamit ang anumang marka, na maaaring nagpapahiwatig ng kanilang pangangailangan para sa karagdagang pagpapalakas ng kanilang kaalaman at kasanayan. Sa pangkalahatan, ang distribusyon ng marka ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng pag-unawa at tagumpay sa pagsusulit sa gitna ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay maaaring magamit upang matukoy ang mga aspeto ng pag-aaral na kailangang bigyang-pansin at pagtuunan ng pansin upang mapaunlad pa ang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral.

Paliwanag naman ni Com (2012), na ang performans sa pagsusulit ng mga mag-aaral bilang pagtukoy kung paano ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa pangkalahatan, ang distribusyon ng marka ay nagpapakita ng iba't ibang antas ng pag-unawa at tagumpay sa pagsusulit sa gitna ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin at makamtam ang tagumpay na ibigay ng guro. Ipinahayag na ang performance ay maaaring sukatin sa pamamagitan ng isang test na ibinigay sa isang partikular na lugar. Katulad ng isang akademikong performans na tumutukoy sa kabuuang grado na nakuha ng mga mag-aaral. Kaya't patunay nito ang kahalagahan ng paggamit ng pagsusulit sa anumang paksa o pagtalakay ng aralin upang masukat ang kakayahan at kaalaman ng isang mag-aaral.

| Marka | Bilang | Bahagdan | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 10 | 64 | 32.00 | Namumukod tangi |
| 9 | 41 | 20.50 | Lubhang Kasiya-siya |
| 8 | 40 | 20.00 | Kasiya-siya |
| 7 | 24 | 12.00 | Medyo Kasiya-siya |
| 6 | 15 | 7.50 | Karaniwan |
| 5 | 16 | 8.00 | Dapat pang paunlarin |
| **TOTAL** | 200 | 100.00 | |
| **Mean** | 8.34 | | |
| **Standard Deviation** | 1.59 | | |

**Talahayan 9 makabuluhang kaugnayan ng pakikipagtalastasan sa Social Media sa pag-unawa ng mga mag-aaral**

Ang tahanayang 9 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng pakikipagtalastasan sa Social Media sa pag-unawa ng mga mag-aaral ang resulta ay nagpapakita ng malinaw na wala o napakababa ng kaugnayan ang natukoy sa pagitan ng pakikipagtalastasan sa social media at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang correlation coefficient na 0.006, na napakalapit sa 0, ay nagpapahiwatig ng napakababang antas ng ugnayan o correlation sa pagitan ng dalawang mga variable. Ang mataas na p-value na 0.928, na mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05, ay nangangahulugang walang estadistikong katibayan na nagpapakita ng makabuluhang ugnayan. Sa madaling salita, hindi maaaring sabihing may epekto o kaugnayan ang paggamit ng social media sa pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa mga resulta ng pagsusuri.

Bilang resulta, bagaman ang social media ay malaking bahagi na ng buhay ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon, maaaring hindi ito nangangahulugang may direktang epekto sa kanilang pag-unawa sa

akademikong konteksto. Ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pag-unawa at pagsasaalang-alang ng iba't ibang mga faktor sa pagpapaliwanag at pag-aaral ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Batay sa naging resulta,sa pag-aaral na ginawa ni Blanca (2021), na may pamagat na "Epekto ng Teknolohiya sa Pagkaunawa sa Bokabolaryong Filipino" may maga kasanayan na sinasabing minsan lamang nagkakaroon ng integrasyon. Subalit malinaw na ang mga guro ay isinasaalang-alang ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga araling may kinalaman sap ag-unawa.

| Malayang Baryabol | Di-Malayang Baryabol | Correlation Coefficient | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Dalas | Marka sa Pagsusulit | 0.006 | 0.928 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Impormasyon | | -0.066 | 0.35 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Aksesibiliti | | -0.06 | 0.396 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Aspirasyon | | -0.079 | 0.266 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Media | | -0.017 | 0.812 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Pakikipagtalastasan | | -0.069 | 0.334 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |

**Tahanayang 10. Makabuluhang kaugnayan ng Sosyolingguwistikong kakayahan batay sa pag-unawa ng mga mag-aaral**

Ang correlation coefficient para sa bawat aspeto ng sosyolingguwistikong kakayahan (pagsulat, bokabularyo, pagbabaybay, at sosyolingwistiko) at marka sa pagsusulit ay negatibo at napakababa, na may halos parehong halaga sa pagitan ng -0.075 at -0.123. Ang correlation coefficient para sa bawat aspeto ng sosyolingguwistikong kakayahan at marka sa pagsusulit ay negatibo at napakababa, na nagpapahiwatig ng napakababang antas ng ugnayan. Ito ay nangangahulugang hindi malinaw o hindi tiyak ang relasyon ng sosyolinguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagsusulit. Ang p-value para sa bawat aspeto ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05, kaya't tinanggap ang null hypothesis (Ho), na nangangahulugang walang estadistikong katibayan na may makabuluhang ugnayan.

Sa pangkalahatan, batay sa mga datos at interpretasyon, hindi maaaring sabihing may malakas o makabuluhang ugnayan ang sosyolingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa sa pagsusulit. Maaaring may iba pang mga salik o elemento sa edukasyonal na proseso na mas malakas na nagtutukoy sa pag-unawa at tagumpay sa pagsusulit ng isang mag-aaral, tulad ng mga pamamaraan ng pagtuturo, kahandaan ng mag-aaral, at iba pa. Ang mga resultang ito ay maaaring maging gabay sa paglikha ng mga estratehiya at programa upang mapaunlad ang sosyolinguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral, ngunit hindi ito direktang nakakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagsusulit.

Sa maikling panahon ng pananaliksik na ginawa ni Magtibay (2015) sa paksang ang "Epekto ng Social Media sa Wikang Filipino sa mga mag-aaral" ay natuklasan na ang paglalaro ay ang pangunahing dahilan kung bakit gumagamit ng Social Media ang mga mag-aaral, pumapangalawa dito ang paggamit bilang pampalipas-oras pangatlo,ang pakikipagkomunikasyon at ang huli ay ang pananaliksik. Pumapatak sa isa hanggang tatlong oras ang kadalasang oras ng paggamit ng Social Media ng mga mag-aaral. Ang wikang Filipino ang karaniwang wika na ginagamit ng mga mag-aaral sa social samantalang may iba din namang gumagamit ng Taglish o pinaghalong Filipino at Ingles. Lahat ng mga mag-aaral ay nagpapalit ng baybay ng mga salita sa paggamit ng social media. Mahigit limangpung porsyento ng mga mag-aaral ay naiisulat pa rin ng tama ang mga baybay ng mga salita sa panahon ng pag-aaral.

| Malayang Baryabol | Di-Malayang Baryabol | Correlation Coefficient | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsulat | Marka Sa Pagsusulit | -0.119 | 0.094 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Bokabularyo | | -0.123 | 0.082 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Pagbabaybay | | -0.075 | 0.288 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Sosyolingwistiko | | -0.121 | 0.088 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |

**Talahayan 11. Makabuluhang kaugnayan ang pakikipagtalastasan sa Social media at Sosyolingguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral**

Ang talahayang 11 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ang pakikipagtalastasan sa Social media at Sosyolingguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ng datos ay nagpapakita ng mga kaugnayan sa pagitan ng mga salik ng baryabol tulad ng impormasyon, aksesibilidad, aspirasyon, media, at pakikipagtalastasan. Ang mataas na correlation coefficient na makikita sa mga aspetong ito ay nagpapahiwatig ng positibong ugnayan sa pagitan ng mga ito (r = 0.390 hanggang 0.758, p < .001). Ito ay nangangahulugang ang pagiging mayaman sa impormasyon, ang pagiging madaling ma-access ang mga ito, ang pagpapalakas ng mga pangarap at layunin, ang paggamit ng mga media platform, at ang aktibong pakikisalamuha sa iba ay may kaugnayan sa pag-unlad at pag-unawa ng iba't ibang aspeto ng baryabol. Sa kabilang banda, ang mga aspetong naman ng dalas ng paggamit ay hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa iba't ibang salik (r = 0.067 hanggang 0.097, p > .05). Bagaman mahalaga pa rin ang mga ito sa komunikasyon at pagsasaliksik, hindi ito nakakatugon sa mga naunang nabanggit na aspeto ng baryabol.

Ang resulta ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng social media sa pagpapalawak at pagpapahusay ng mga kasanayang sosyolingguwistiko. Sa pamamagitan ng aktibong pakikisangkot sa social media, maaaring mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto, pati na rin ang kanilang kakayahan sa pakikipag-ugnayan at pag-unawa sa iba't ibang kultura at wika.

Ayon sa pag-aaral nina Mapa at Marbella (2019), na may pamagat na "Impluwensiya ng Midya sa Pag-aaral ng Wika" natuklasan ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino.Sa patuloy na pagbabago ng panahon, patuloy rin ang impluwensya ng midya sa mga makabagong kaalaman na nakakaapekto sa wikang sinasalita at isinusulat. Hangad ng ating edukasyon na mapahusay, mapalago at mapanatiling magamit ang wikang sariling atin sa kasalukuyan at hinaharap. Kung ang wika ay buhay, ang midya ay buhay rin na patuloy na lumalago at walang humpay na nagbabago. Mahalagang malaman ang impluwensya ng midya sa bawat henerasyon upang mapagtibay ang wikang ginagamit sa patuloy na pakikipagsapalaran sa araw-araw ng bawat indibidwal.

| Malayang Baryabol | Di-Malayang Baryabol | Correlation Coefficient | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Dalas | Pagsulat | 0.097 | 0.171 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Impormasyon | | .390** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aksesibiliti | | .532** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aspirasyon | | .652** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Media | | .516** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Pakikipagtalastasan | | .628** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Dalas | Bokabularyo | 0.069 | 0.332 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Impormasyon | | .584** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aksesibiliti | | .557** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aspirasyon | | .687** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Media | | .540** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pakikipagtalastasan | | .723** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Dalas | Pagbabaybay | 0.067 | 0.347 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Impormasyon | | .480** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aksesibiliti | | .535** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aspirasyon | | .655** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Media | | .526** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Pakikipagtalastasan | | .662** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Dalas | Sosyolingwistiko | 0.084 | 0.235 | Tanggap ang Ho | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| Impormasyon | | .546** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aksesibiliti | | .609** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Aspirasyon | | .753** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Media | | .590** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |
| Pakikipagtalastasan | | .758** | <.001 | Di-tanggap ang Ho | May Makabuluhang Ugnayan |

## V. KONKLUSYON

Batay sa natuklasan, ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na kongklusyon.

Walang makabuluhang kaugnayan ang pakikipagtalastasan sa Social Media sa pag-unawa ng mga mag-aaral kayat ang haypotesis sa unang kabanata ay tinatanggap. Ito ay maaaring magkaroon ng malawak na mga implikasyon, kasama na ang pagbibigay-diin sa pagpapaunlad ng iba pang mga salik na maaaring makaapekto sa pag-unlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Maaaring ito ay magtampok ng kahalagahan ng pangangasiwa sa oras ng paggamit ng social media o pagtutok sa iba pang mga paraan ng pag-aaral at pakikipag-interaksiyon upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ipinakita din na Walang makabuluhang kaugnayan ang kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan batay pag-unawa ng mga mag-aaral kaya tinatangggap din ang haypotesis sa unang kabanata sapagakat ang pag-unawa sa kahalagahan ng iba't ibang mga faktor na nakakaapekto sa tagumpay sa edukasyon ay mahalaga para sa pagbuo ng mga epektibong hakbang upang mapaunlad ang mga mag-aaral at mapabuti ang kanilang pag-unlad at tagumpay sa pagsusulit. Ito ay nagtuturo sa atin na hindi sapat na batayan lamang ang sosyolingguwistikong kakayahan para masuri ang kakayahan ng isang mag-aaral sa pag-unawa at tagumpay sa pagsusulit.

Ngunit ang panghuling haypotesis ay nagpakita na may makabuluhang pagkakaiba ang pakikipagtalastasan sa Social media at Kaalaman sa Sosyolingguwistikong kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral kaya ang unang haypotesis ay hindi tinanggap sapagakat ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng potensyal na mabisang kasangkapan ng social media sa pagpapaunlad ng sosyolinggwistikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, mahalaga pa rin na maging mapanuri sa paggamit nito at tiyakin na ang paggamit ay may balanse at angkop sa layunin ng edukasyon at personal na pag-unlad.

Pinatunayan sa artikulo ni Gomez (2021), ang teoryang social learning ni Albert Bandura ay nagmumungkahi na ang pagmamasid at pagmomodelo ay may pangunahing papel sa kung paano at bakit natututo ang mga tao. Ang teorya ni Bandura ay lumampas sa pang-unawa ng pagkatuto bilang resulta ng direktang karanasan sa kapaligiran. nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa kamalayan at edukasyon hinggil sa tamang paggamit ng social media. Mahalaga na magkaroon ng limitasyon at kontrol sa oras ng paggamit upang maiwasan ang labis na pag-aasa at negatibong epekto sa kalusugan at kabutihan ng mga indibidwal.

Bukod dito, sinasabi sa teoryang Classical Conditioning ni Pavlov, ayon kay Regoli (2019), na makikita sa isang indibidwal ay repleksyon ng kanyang kapaligiran. Ang mga tao ay natututo araw-araw dahil sa kung ano ang nangyayari sa kanyang paligid. Mahalaga rin ang kritikal na pag-iisip at kamalayan sa pagkuha ng impormasyon mula sa social media upang tiyakin ang kalidad at kredibilidad nito. Ang mga resulta ay

nagpapakita rin ng kahalagahan ng edukasyon sa tamang paggamit ng online platforms upang mapanatili ang positibong epekto nito sa mga mag-aaral. Responsableng paggamit at mas malawakang edukasyon sa sosyal midya ay mahalaga upang mapanatili ang mga positibong bunga nito sa lipunan. Ganap na pag-unawa sa pangmatagalang epekto ng sosyal midya sa mga indibidwal ay mahalaga upang maunawaan ang kabuuang implikasyon nito sa lipunan.

## SANGGUNIAN:

**Dyornal at Artikulo**

[1] Abibo, M (2020) Implikasyon Ng Wikang Filipino Sa Modernong Henerasyon, Study Guides, Projects, Research For Origin Of Language

[2] Alcaraz, C, Jocson, M., & Villafuerte, P. (2016). Communication And Research For Senior High School [Komunikasyon At Pananaliksik Para Sa Senior High School]. Educational Resources Corporation.

[3] Gajo, J (2022). Internet Slang Sa Pagsulat Ng Dagli At Kakayahang Komunikatibo Sa Pagganap Ng Mga Mag-Aaral Nasa Ika-9 Baitang Ng Pedro Guevarra Memorial National High School, Santa Cruz Laguna Panuruang Taon 2022-2023.

[4] Mapa, K At Marbella, F (2019),Impluwensiya Ng Midya Sa Pag-Aaral Ng Wika Asia Pacific Journal Of Multidisciplinary Research Vol. 7 No.1, 33-44 February 2019, Part Ii P-Issn 2350-7756 E-Issn 2350-8442 Www.Apjmr.Com Ched Recognized Journal Asean Citation Index

**Aklat:**

[5] Agano, R. (2019) *Filipino Sa Iba't Ibang Disiplina* St. Andrew Publshing House Cilianin, Plaridel, Bulacan

[6] Bernales, R. (2012) Komunukasyon Sa Akademikong Filipino, Mutya Publishing House, Quezon City

**Tesis:**

[7] Lozano, S. (2021) Paggamit Ng Sosyal Midya At Pagpapalawak Ng Kasanayan Sa Kaalaman Sa Wikang Filipino G Mga Mag-Aaral Sa Ika-7 Baitang Ng Masapang Intergraded National High School Panuruang Taon 2021-2022.

[2] Magtibay, C. (2015), Ang Epekto Ng Social Media Sa Wikang Filipino Sa Mga Mag-Aaral Ng Pntc Sa Unang Antas

**Elektroniko:**

[8] Santos (2010) Barayti Ng Wika. Retrieved From Http://Wenn-Listahanngsanggunian.Blogspot.Com/2016/07/Barayti-Ng-Wika.Htm.(Http://Sites.Google.Com/A/Sheffield.Ac.Uk/Aal20s13/Branches/Sociolinguistics/What-Is-Sociolingguistics

[9] Reyes, E. (2018). Makabagong Teknilohiya Sa Edukasyon Www.Depedbataan.Com

[10] Bellinger, G, Castro, D, Mills A. (2014). Data, Information, Knowledge, And Wisdom Http://Www.Systems-Thinking.Org/Dikw/Dikw.Htm

[11] Panitikan.Com.Ph, (2019) Ang Kahulugan Ng Kakayahang Komunikatibo Https://Www.Panitikan.Com.Ph/Ano-Ang-Ibig-Sabihin\-Ng-Kakayahang-Komunikatibo

[12] Tapang, R. (2018). Kahalagahan Ng Bokabolaryon Depedbataan.Com/ Resources/4/Kahalagahan_Ng_Bokabularyong_Filipino.Pdf

[13] Nordquist, R. (2019). Spelling: Glossary Of Grammatical And Rhetorical Terms Https://Www.Thoughtco.Com/Spelling-Definition-1692125

[14] Gomez, A. (2021). How Social Learning Theory Works Https://Hr.Berkeley.Edu/How-Social-Learning-TheoryWorks

[15] Regoli, N (2019). 15 Advantages And Disadvantages Of Classical Conditioning/Https://Connectusfund.Org/6-Advantages-And Disadvantages-Of-Classical-Conditioning